# LUNSOD NG SAN DIEGO

## Proposisyon A

(Ang proposisyong ito ay lilitaw sa balota sa sumusunod na anyo.)

---

**PROP A**

**SUMUSUSOG SA SALIGANG BATAS NG LUNSOD UPANG HINDI ISALI MULA SA PROSESO NG PINAMAMAHALAANG KUMPETENSIYA ANG PANLOOB NA MGA SERBISYO NG KALIGTASANG PAMPUBLIKO NA IPINAGKAKALOOB NG MGA KASALI SA SISTEMA NG PANGKALIGTASANG PAGRETIRO NG LUNSOD.** Susususugan ba ang Saligang Batas upang hindi isali mula sa proseso ng Pinamamahalaang Kumpetensiya ang panloob na mga serbisyo ng kaligtasang pampubliko na ipinagkakaloob ng mga pulis, bumbero, at mga tagasagip ng buhay na sumasali sa Sistema ng Pangkaligtasang Pagretiro ng Lunsod?

---

Ang proposisyon na ito ay nangangailangan ng pag-apruba ng isang simpleng mayoriya o nakararami (higit sa 50%) ng mga botanteng bumoboto sa proposisyon.

Ang iminungkahing pagsusog sa saligang batas ay sumusunod sa pangangatwiran.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

DI PAGSALI SA MGA PANLOOB NA SERBISYO NG KALIGTASANG PAMPUBLIKO MULA SA PINAMAMAHALAANG KUMPETENSIYA. Aaprubahan ba ng mga botante ang isang pagsusog sa Saligang Batas upang hindi isali mula sa proseso ng Pinamamahalaang Kumpetensiya ang panloob na mga serbisyo ng kaligtasang pampubliko na ipinagkakaloob ng mga pulis, bumbero, at mga tagasagip ng buhay na sumasali sa Sistema ng Pangkaligtasang Pagretiro ng Lunsod?

## WALANG PINAPANIGANG PAGSUSURI NG ABUGADO NG LUNSOD

Noong Nobyembre 7, 2006, ang mga botante ay nag-apruba sa isang pagsusog sa Saligang Batas ng Lunsod upang pahintulutan ang Lunsod na bigyan ng trabaho ang anumang malayang kontraktor kapag tiniyak ng Tagapamahala ng Lunsod, alinsunod sa pagsang-ayon ng Konseho ng Lunsod, na ang mga serbisyo ng Lunsod ay maaaring ipagkaloob ng isang malayang kontraktor ng mas mura at masinop kaysa sa taong naglilingkod sa Inuring Serbisyo, habang pinapanatili ang mataas na uri ng serbisyo at nagpoprotekta sa kapakanang pampubliko.

Ang Konseho ng Lunsod ay nag-awtorisa sa paglalagay ng isang proposisyon sa balota na naghahanap ng pag-apruba ng botante upang susugan ang Artikulo VII, seksiyon 117 ng Saligang Batas ng Lunsod upang di isali sa proseso ng Pinamamahalaang Kumpetensiya ang panloob na mga serbisyo ng kaligtasang pampubliko na ipinagkakaloob ng mga pulis, bumbero, at mga tagasagip ng buhay na sumasali bilang mga miyembrong pangkaligtasan sa Sistema ng Pagretiro ng Lunsod.

Sa pangkalahatan, ang mga miyembrong pangkaligtasan na sumasali sa sistema ng pagretiro ng Lunsod ay nagbibilang ng mga nanumpang pulis ng Departamento ng Pulisya ng Lunsod, mga miyembrong nakauniporme ng Departamento ng Sunog ng Lunsod, at ang mga pambuong-panahon na tagasagip ng buhay ng Lunsod. Ang mga "panloob na serbisyo ng kaligtasang pampubliko" ay iyong mga serbisyo na ginagawa ng mga pulis, bumbero, at mga tagasagip ng buhay na mahalaga para sa proteksiyon at kaligtasang pampubliko.

## PAHAYAG NG TAMA SA PANANALAPI

Ang pag-apruba sa panukala ng balotang ito ay walang magiging tama sa pananalapi ng Lunsod.

# PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON A

**ANG PROPOSISYON A AY NAGPOPROTEKTA SA MGA SERBISYO NG PULIS, SUNOG AT PAGSAGIP NG BUHAY**

Ang pagboto ng "Oo sa A" ay magtitiyak na ang mga serbisyo ng Pulis, Sunog, at Pagsagip ng Buhay ay tatanggap ng proteksiyon at kaunahan. Ang Proposisyon A ay hindi magsasali sa mga propesyonal ng pangkalusugan na ito mula sa Pinamamahalaang Kumpetensiya.

Ang mga serbisyo ng Pulis, Sunog at Pagsagip ng Buhay ay HINDI dapat ilabas na kontratahin sa mga pribadong kompanya. Ang mga panloob na serbisyong pangkaligtasan ay dapat protektahan bilang isang mahalagang unang tungkulin ng gobyerno, na ginagawa lamang noong mga taong direktong mananagot sa Alkalde at mga nagbabayad ng buwis.

**PROPOSISYON A: MGA SERBISYO NG KALIGTASANG PAMPUBLIKO GAGAWIN LAMANG NG MGA PROPESYONAL NG LUNSOD**

Ang mga Pulis at Tagasagip ng Buhay ay may tungkuling magiting na protektahan ang ating mga residente at ang kapangyarihang arestuhin ang mga ito. Ang mga propesyonal na may ganitong uri ng tungkulin at kapangyarihan ay dapat na ineempleo LAMANG ng publiko, hindi ng isang korporasyon kahit gaano pa ito kahusay pinapalakad.

Ang mga bumberong matatapang na humaharap sa landas ng panganib ay karapat-dapat tumanggap ng katiyakan na ang ating Lunsod ay magbibigay sa kanila ng pinakamahusay na pagsasanay at suportang maaring makuha. Ang ating mga tahanan, ating mga pamilya, ating mga buhay, at ating ekonomiya ay lahat umaasa sa mataas na uri nitong mga matatapang na babae at lalaki. Hindi natin ito maaring iasa sa mga panlabas na interes.

**ANG PROPOSISYON A AY MAGPAPANATILI SA PINAKAMAHUHUSAY NA OPISYAL NA NAGTATRABAHO PARA SA SAN DIEGO**

Ang Proposisyon A ay magpapanatili sa mga empleado ng kaligtasang pampubliko na magtrabaho para sa San Diego. Tinitiyak nito ang kanilang mga benepisyo ng kaligtasang pampubliko at ang mga karapatan ng wastong proseso ay hindi maaring bawasan sa pamamagitan ng paglipat sa kanilang pagtatrabaho sa mga pribadong kompanya. Ito ay mahalaga upang mapigilan sila sa paghahanap ng trabaho sa ibang mga lunsod na maaring magbigay ng mas mataas na suweldo o proteksiyon sa trabaho.

Sa mga nakaraang ilang taon ating nadoble ang bilang ng mga reklutang kasalukuyang pumapasok sa Akademiya ng Pulisya. Sa mismong panahon, ang ating antas ng pagkawala ng mga Pulis na tumatanggap ng mga trabaho sa ibang sakop ay bumaba ng 50 porsiyento.

Mula noong 2005, ang ating Lunsod ay nakagawa ng malaking kaunlaran sa pamamagitan ng reporma at pagsisikap. Inuudyok ka namin na bumoto ng "Oo sa A" upang mapanatiling sumusulong ang kaunlarang ito.

TRACY JARMAN
Hepe ng Bumbero

WILLIAM LANSDOWNE
Hepe ng Pulisya

LANI LUTAR
Presidente, Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng County ng San Diego

SCOTT PETERS
Presidente ng Konseho ng Lunsod ng San Diego

JERRY SANDERS
Alkalde, Lunsod ng San Diego

# PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON A

Walang pangangatwiran laban sa proposisyon ang iniharap sa opisina ng Klerk ng Lunsod.

# IMINUMUNGKAHING SUSOG SA SALIGANG-BATAS

Ang mga bahagi ng saligang batas na idadagdag ay <u>sinalungguhitan</u>.

**Seksyon 117: Hindi Inuri at Inuring mga Serbisyo**

Ang pagtatrabaho sa Lunsod ay hahatiin sa Hindi Inuri at Inuring Serbisyo. [mga subseksiyon (a)-(b) walang pagbabago sa teksto]

(c) Ang Lunsod ay maaring mag-empleo ng sinumang malayang kontraktor kapag tiniyak ng Tagapamahala ng Lunsod, alinsunod sa pagsang-ayon ng Konseho ng Lunsod, na ang mga serbisyo ng Lunsod ay maaaring ipagkaloob ng isang malayang kontraktor ng mas mura at mahusay kaysa sa mga taong naglilingkod sa Inuring Serbisyo habang nagpapanatili sa mataas na uri ng serbisyo at nagpoprotekta sa kapakanang pampubliko. Ang Konseho ng Lunsod ay sa pamamagitan ng ordinansa magkakaloob ng naaangkop na mga patakaran at mga pamamaraan para mapairal ang subseksiyon na ito. Ang naturang ordinansa ay magbibilang ng pinakamababang mga antas ng kontrata at ibang mga hakbang para protektahan ang uri at pagka-maaasahan ng mga serbisyong pampubliko. Ang isang departamento ng Lunsod ay pagkakalooban ng isang pagkakataon at mga pagkukunan upang mapaunlad ang kasinupan at epektibong mga pagbabago sa kanilang pamamalakad bilang bahagi ng mungkahi ng departamento. <u>Ang mga panloob na serbisyo ng kaligtasang pampubliko na ipinagkakaloob ng mga pulis, bumbero, at mga tagasagip ng buhay na sumasali sa Sistema ng Pangkaligtasang Pagretiro ng Lunsod ay hindi sasailalim sa Pinamamahalaang Kumpetensiya.</u> Ang Tagapamahala ng Lunsod ay magtatayo sa Malayang Lupon ng Pagrerepaso sa Pinamamahalaang Kumpetensiya na magpapayo sa Tagapamahala ng Lunsod kung ang isang mungkahi ng departamento ng Lunsod o ang mungkahi ng malayang kontraktor ang makakapagbigay sa mga serbisyo ng Lunsod ng pinakamura at pinakamasinop na paraan habang pinapanatili ang mataas na uri ng serbisyo at pagprotekta sa kapakanang pampubliko. Ang Tagapamahala ng Lunsod ay hihirang ng pitong (7) mga miyembro ng Lupon. Ang apat (4) ay mga pribadong mamamayan kung kaninong mga paghirang ay sasailalim sa pagpapatibay ng Konseho ng Lunsod. Ang bawat isa ay magkakaroon ng propesyonal na karanasan sa isa o higit pang mga sumusunod na larangan: pananalapi, batas, pangangasiwang pampubliko, pamamahala sa negosyo o ang mga larangan ng serbisyong pinag-iisipan ng Tagapamahala ng Lunsod. Ang tatlo (3) ay mga tauhan ng Lunsod kabilang ang isang itinakdang tauhan ng Tagapamahala ng Lunsod, isang itinakdang tauhan ng Konseho ng Lunsod at ang Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod at Kontroler o itinakdang tauhan. Ang naturang mga hinirang ay hindi magkakaroon ng anumang interes na personal o pananalapi na maaring makagawa ng kasalungatan ng interes sa mga tungkulin ng isang miyembro ng Lupon. Ang mga miyembro ng Lupon ay pagbabawalan sa pakikipagkontrata o pagtanggap ng trabaho sa isang kapisanang nakakuha ng isang kontrata ng Lunsod sa pamamagitan ng proseso ng pinamamahalaang kumpetensiya sa loob ng panahon ng kontrata. Ang Konseho ng Lunsod ay magkakaroon ng awtoridad na tanggapin o tanggihan sa kanyang kabuuan ang anumang iminungkahing kasunduan sa isang malayang kontraktor na iniharap ng Tagapamahala ng Lunsod kapag inirekomenda ng Malayang Lupon ng Pagrerepaso sa Pinamamahalaang Kumpetensiya. Ang Tagapamahala ng Lunsod ay magkakaroon ng tanging pananagutan ng pangangasiwa at pagsubaybay sa anumang mga kasunduan sa mga kontraktor. Ang Tagapamahala ng Lunsod ay aatasang magpakita ng taunang mga pagsusuri ng paggawa para sa mga kinontratang serbisyo, kung aling halaga ay kailangang panagutan at pag-isipan sa loob ng proseso ng pagtatawaran. Kabilang nito, ang Tagapamahala ng Lunsod ay maghahanap ng isang independiyenteng pagtutuos ng kuwenta bawat limang (5) taon upang masuri ang karanasan ng Lunsod at mga pagsusuri ng paggawa. Sa loob ng panahon na pinapalakad ang Lunsod sa ilalim ng porma ng gobyerno na Malakas na Alkalde alinsunod sa Artikulo XV, ang pagbanggit dito sa Tagapamahala ng Lunsod ay ipapalagay na mangangahulugan ng Alkalde.